Mga Sintomas ng COVID-19

Ang mga sintomas ng COVID-19 ay pareho sa ibang mga sakit sa panghinga kabilang ang trangkaso at karaniwang sipon. Ang mga sintomas ay maaaring magkakaiba sa bawa't tao. Ang ilang mga tao ay maaaring makaranas ng mga banayad na sintomas, habang ang mga iba ay may mas malubhang mga sintomas.

Ang mga pangunahing sintomas ng COVID-19 ay kinabibilangan ng:

- Lagnat o panginginig
- Ubo
- Pagkawala ng pang-amoy o panlasa
- Kahirapan sa paghinga

Ang iba pang mga sintomas ay maaaring kabilang ang:

- Masakit na lalamunan
- Walang gana kumain
- Labis na pagkahapo o pagod
- Sakit ng ulo
- Sumasakit ang katawan
- Pagduduwal o pagsusuka
- Pagtatae

Minsan ang mga taong may COVID-19 ay may banayad na karamdaman, ngunit ang kanilang mga sintomas ay maaaring biglang lumala sa loob ng mga ilang araw. Ang mga bata ay may katulad ngunit mas malumanay na mga sintomas sa mga matatanda.

Upang matuto nang higit pa tungkol sa mga sintomas ng COVID-19, bisitahin ang Mga Sintomas ng Sentro para sa Pagkontrol ng Sakit ng [BC Centre para sa Disease Control] na pahina.

Kung mayroon kang mga sintomas

Kung mayroon kang mga sintomas ng COVID-19, gamitin ang Kagamitan para sa Sariling-Pagtatasa para sa COVID-19 ng BC [BC COVID-19 Symptom Self-Assessment Tool] upang matulungan kang magpasya kung kailangan mo ng karagdagang pagtatasa o pagsusuri.

Kung kailangan mo ng pagsusuri, bisitahin ang Sentro para sa Pagkontrol ng Sakit ng BC [BC Centre for Disease Control] na pahina upang makahanap ng isang sentro ng koleksyon ng COVID-19 na malapit sa iyo.

Kailangan mong ihiwalay ang sarili habang hinihintay mo ang iyong resulta ng pagsusuri upang hindi mo potensyal na maikalat ang COVID-19 sa iba. Upang matuto nang higit pa tungkol sa paghihiwalay ng sarili, kung sino ang dapat na maghiwalay ng sarili at pagtatapos ng paghihiwalay ng sarili, tingnan ang Paghihiwalay ng Sarili at COVID-19.

Upang matuto nang higit pa tungkol sa kung ano ang gagawin kung may sakit ka, kung paano maiwasang maikalat ito at kung ano ang gagawin kung kailangan mo ng pangangalagang medikal, bisitahin ang: Sentro para sa Pagkontrol ng Sakit ng BC [BC Centre for Disease Control] kung ikaw ay may sakit na pahina.

Ang ilan sa mga sintomas na nauugnay sa COVID-19 ay karaniwan sa ibang mga kundisyon. Para sa karagdagang impormasyon sa kung ano ang maaari mong gawin kung mayroon kang mga sintomas, tingnan ang:

- Sipon
- Lagnat o Panginginig, Edad 11 at Mas Bata
- Lagnat o Panginginig, Edad 12 at Mas Matanda
- Mga Problema sa Paghinga, Edad 11 at Mas Bata
- Mga Problema sa Panghinga, Edad 12 at Mas Matanda

Maaari mong pamahalaan ang marami sa mga sintomas na karaniwan sa COVID-19 sa bahay. Uminom ng maraming mga likido, kumuha ng maraming pahinga at gumamit ng isang humidifier o mainit na shower upang mapagaan ang ubo o namamagang lalamunan.

Ang ilang mga sintomas ay maaari ding palatandaan ng iba pang mga medikal na isyu at maaaring kailanganin mong humingi ng pangangalagang medikal. Kung hindi ka sigurado kung hihingi ng pangangalaga o masuri, makipag-ugnay sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o tumawag sa **8-1-1**. Kung ikaw o ang isang tao sa iyong pangangalaga ay nagkakaroon ng matinding paghihirap sa paghinga, matinding sakit sa dibdib, nahihirapang gumising, nakakaramdam ng pagkalito o nawawalan ng malay, dapat kang humingi ng pang-emerhensiyang pangangalagang medikal sa pamamagitan ng pagtawag sa **9-1-1** o pagpunta sa iyong pinakamalapit na departamento ng emerhensiya.

Kung mayroon kang mga pangkalahatang katanungan sa kalusugan o mga alalahanin, makipag-ugnay sa HealthLinkBC (**8-1-1**) sa anumang oras, araw o gabi. Kung nagiging mas mahirap na huminga, hindi ka makainom ng anuman o mas masama ang pakiramdam humingi kaagad ng pangangalagang medikal sa isang kagyat at sentro ng pangunahing pangangalaga o departamento ng emerhensiya. Kung ikaw o ang isang tao sa iyong pangangalaga ay may sakit sa dibdib, nahihirapang huminga o matinding pagdurugo, tumawag kaagad sa **9-1-1** o sa iyong lokal na pang-emerhensiyang numero.

Kung ikaw ay isang prayoridad na populasyon

Ang karamihan ng mga tao ay gumagaling na mag-isa mula sa mga coronavirus. Gayunpaman, ang ilang mga tao ay maaaring magkaroon ng mas mataas na pagkakataon na magkaroon ng isang mas matinding karamdaman o komplikasyon dahil sa iba pang mga kondisyon sa kalusugan. Ito ay tinatawag na mga prayoridad na populasyon at mga espesipikong pag-iingat at ang paggagamot ay maaaring kailanganin upang mapanatiling ligtas ang mga taong ito.

Maghanap ng higit pang impormasyon tungkol sa mga prayoridad (at mahihina) na populasyon:

- Sentro para sa Pagkontrol ng Sakit ng BC (BC Centre for Disease Control): Mga prayoridad na populasyon

- Ahensiya ng Pampublikong Kalusugan ng Canada [Public Health Agency of Canada]: Mga mahihinang populasyon at COVID-19 (PDF 590KB)
- Ahensya ng Pampublikong Kalusugan ng Canada [Public Health Agency of Canada]; Mga tao na may mataas na panganib para sa malubhang sakit mula sa COVID-19

Kung buntis ka

Ang pagbubuntis ay hindi nagdaragdag ng panganib na makakuha ng COVID-19. Ang mga buntis na kababaihan ay dapat sundin ang parehong mga patnubay ng paghihiwalay ng sarili tulad ng lahat sa komunidad. Kung nagkasakit ka sa panahon ng iyong pagbubuntis, dapat kang makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan at masuri para sa COVID-19.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagbubuntis at COVID-19 sa:

- Sentro para sa Pagkontrol ng Sakit ng BC (BC Centre for Disease Control): COVID-19 at pagbubuntis
- BC Women's Hospital, Impormasyon sa COVID-19 para sa mga Pasyente (Mga Karaniwang Katanungan).
- Pamahalaan ng Canada: Sakit na Coronavirus (COVID-19) Pagbubuntis, Panganganak at Pag-aalaga para sa Mga Bagong Panganak: Payo para sa mga Ina (PDF 355KB)

Karaniwang mga Tanong tungkol sa COVID-19

Maghanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga sintomas at iba pang mga karaniwang katanungan tungkol sa COVID-19, tingnan ang:

- Sentro para sa Pagkontrol ng Sakit ng BC (BC Centre for Disease Control): Karaniwang mga Tanong tungkol sa COVID-19
- Ahensiya ng Pampublikong Kalusugan ng Canada [Public Health Agency of Canada]: Sakit na Coronavirus (COVID-19): Mga sintomas at paggamot

Maghanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa COVID-19 at kung paano protektahan ang iyong sarili, iyong pamilya at iyong komunidad, tingnan ang Sakit na Coronavirus (COVID-19).

Huling pinabago: Disyembre 17, 2020

Ang impormasyon na ibinigay sa itaas ay inangkop mula sa COVID-19 ng Sentro para sa Pagkontrol ng Sakit ng BC [BC Centre for Disease Control] BCCDC: Pahina ng mga sintomas , kinuha noong Disyembre 17, 2020 at ng Ahensiya ng Pampublikong Kalusugan ng Canada [Public Health Agency of Canada PHAC: Sakit na Coronavirus (COVID-19): Mga sintomas at paggamot kinuha noong Abril 21 2020.